

Alkalde Todd Gloria
Talumpati tungkol sa Estado ng Lungsod
Enero 11, 2023

Magandang gabi.

Pangulo ng Konseho ng Lungsod Elo-Rivera.

Mga miyembro ng Konseho ng Lungsod.

Abugado ng Lungsod Elliott.

Punong Opisyal ng Pagpapatakbo Dargan.

Mga kilalang panauhin mula sa buong California at rehiyon; lokal na mga pinuno ng mga tribo; mga pinuno ng militar; at mga opisyal mula sa Baja California at sa buong mundo.

At, ang aming dedikadong empleyado ng Lungsod ng San Diego.

Maraming salamat sa inyong lahat na nandito.

Mga kapwa kong taga-San Diego,

Nang ako ang manguna sa ating lungsod noong 2020, ipinahayag ko na ang estado ng ating lungsod ay marupok.

Marupok – habang tinatahak natin ang patuloy na kawalan ng katiyakan dahil sa COVID-19;

Marupok – sa harap ng nagbabatang kakulangan sa badyet dulot ng pandemya; at,

Marupok – bilang resulta ng maraming sibikong isyu na hindi natugunan.

Nitong nakaraang taon, pagkatapos ng matagumpay na [mga pagsisikap na mabakunahan ang mga San Diegans](#); pagkatapos makakuha ng tulong na pederal mula sa Administrasyong Biden-Harris at Kongreso sa pamamagitan ng American Rescue Plan; at pagkatapos na sa wakas ay suriin ang mga bagay na naupo sa loob ng maraming taon sa isang mahabang listahan ng dapat gawin ng mga mamamayan – mga isyu tulad ng [mga pagrenta sa panandaliang bakasyunan](#), ang [Plano ng Komunidad ng Barrio Logan](#), [pagbebenta sa sidewalk](#) at higit pa -- Idineklara kong handa na ang Estado ng ating Lungsod.

Handa nang makabawi. Handa nang muling magtayo. At handang ipagpatuloy ang paglutas sa mga mahihirap na problemang magkasama nating kinakaharap.

Ngayong gabi, ikinararantal kong makasama kayo sa paghahatid ng aking ikatlong talumpati sa Estado ng Lungsod bilang ika-37 Alkalde ng San Diego – at ang aking unang personal sa harap ng isang madla.

Ang muli nating pagsasama-sama ay isang patunay ng ating pag-unlad – ang ating tagumpay laban sa pandemyang COVID-19 na dulot ng ating determinasyong magsama-sama – upang magtulungan – upang muling itayo ang ating lungsod at simulan ang isang bagong panahon ng kasaganaan.

Noong ako ang naging Alkalde ninyo, nangako ako na pupunta ako sa City Hall para ayusin ang mga bagay-bagay.

Nangako akong haharapin ang aming mga hamon nang direkta sa patuloy na pagsisikap na kinakailangan upang makagawa ng tunay na pagbabago.

Alkalde Todd Gloria
Talumpati tungkol sa Estado ng Lungsod
Enero 11, 2023

Nangako akong makinig sa mga komunidad na napabayaang ng City Hall at kumilos para sa kanila.

Ang kapabayaang na iyon ay matagal nang nakikita sa kakulangan ng pamumuhunan ng Lungsod sa imprastraktura at ang mga epekto sa ating pang-araw-araw na buhay: isang baluktot na axle ng kotse na dulot ng isang lubank; isang kautusan sa pagpapakulo ng tubig dahil sa pumutok na tubo ng tubig; pag-aalala tungkol sa paglalakad sa mga kapitbahayan dahil sa mga sirang ilaw sa kalye o sira-sirang mga bangketa.

O... isang lubos na kakulangan ng mga bangketa, gaya ng nangyari kina Daneyel at Tommy Walker ng Paradise Hills.

Sina Daneyel at Tommy ang maipagmamalaking may-ari ng ilang maliliit na negosyo, kabilang ang The Mental Bar, isang kapihan sa Black Arts at Culture District.

Sa loob ng maraming taon, gusto ng mga Walker – tulad ng napakaraming residente ng ating kapitbahayan ng Southeastern San Diego– na maging maganda ang kanilang komunidad, walang mga damo at graffiti at muling pinaaigla sa pamamagitan ng pagkukumpuni sa kalye at mga bagong ilaw sa poste at bangketa – hindi lamang sa Paradise Hills kung saan sila nakatira, ngunit pati ang Encanto, kung saan sila nagtatrabaho.

Malungkot nilang pinagmasdan ang pagkawala ng buong potensyal ng kapitbahayan na hindi nakamit.

Kaya, ang mga Walker ay sumali sa Project Reo Collective, isang impormal na grupo ng kapitbahayan, at nagsimulang maglingkod si Tommy sa Komite ng Pagpapaplano sa Paradise Hills at sa Lupon ng Parke at Libangan ng Paradise Hills - lahat para tumulong na mapabuti ang kanilang komunidad.

Matagal na itong inaasahan, ngunit sa pangako at pakikipagtulungan ng Pro tem ng Presidente ng Konseho na si Monica Montgomery Stepe, ikinalulugod kong iulat na ginagawa na namin ito.

Mahigit 1,200 talampakan ng bagong mga bangketa. Bago at inayos na mga ilaw sa poste. Bagong sementadong kalye. Lahat ay kasalukuyang ginagawa.

Nandito ang mga Walker kasama natin ngayong gabi - at gusto kong samantalahin ang pagkakataong ito upang pasalamat sila at ang kanilang mga kapitbahay para sa kanilang patuloy na adbokasiya.

Ngayon, maging malinaw tayo: hindi dapat kailanganin ang mahabang taon na adbokasiya para sa pangunahing imprastraktura ng lungsod.

Kaya naman mula sa unang araw ng aking administrasyon, nakatuon ako sa pagdadala ng mga pagbabago sa imprastraktura, pagpapanatili, at pagkukumpuni nang pantay-pantay sa bawat komunidad.

Ito ang dahilan kung bakit ang aking badyet sa "[Ready to Rebuild](#)" noong nakaraang taon ay ang pinakamalaking pamumuhunan sa imprastraktura sa kasaysayan ng ating lungsod, upang tumulong sa pag-aayos ng mas maraming kalye at magdala ng mas maraming bangketa sa mga kapitbahayan tulad sa lugar ng mga Walker'.

Totoo na ang Lungsod ay nahirapan sa loob ng maraming taon upang makasabay sa mga kinakailangang pagkukumpuni sa bangketa.

Maaaring alam ng ilan sa inyo na, sa ilalim ng batas ng estado, maraming pag-aayos sa bangketa ang responsibilidad ng katabing may-ari ng ari-arian.

Alkalde Todd Gloria
Talumpati tungkol sa Estado ng Lungsod
Enero 11, 2023

Ang red tape o napakaraming rekisitos at gastos ng kasalukuyang proseso ay nangangahulugan na kakaunti ang mga residenteng aktwal na gumagawa ng mga pagkukumpuni na iyon.

Panahon na para gumawa tayo ng ibang diskarte.

Ngayong taon, ang aking administrasyon ay maghahatid ng mga reporma upang mapabilis ang mga pagpapabuti sa bangketa.

Ang aming bagong pagsisikap ay simplehan and proseso ng pahintulot at bawasan ang mga bayarin upang hindi gaanong nakakalula at magastos para sa mga residente at negosyo na ayusin ang mga sirang bangketa sa harap ng kanilang ari-arian.

Magpapatuloy din kami sa pamamagitan ng pagtatatag ng kontratang pinamamahalaan ng Lungsod upang mahusay na magprograma ng mga pagkukumpuni at payagan ang mga may-ari ng ari-arian na magamit ang pagkukumpuni na ito sa mas mababang halaga.

Sa lahat ng pag-uusap na ito tungkol sa mga bangketa, sana ay hindi ninyo isipin na nawala ang pagmamahal para sa pag-aayos ng kalsada.

Kasama ko pa rin ang mga kapwa ko San Diegans sa aming patuloy na pagsisikap na ayusin ang mapahamak na mga kalsada! At ginagawa namin ito.

Sa pagtatapos ng taon ng pananalapi na ito, madodoble natin ang bilang ng mga milya ng mga bagong muling pagsesemento na kalye kumpara sa bawat isa sa nakaraang dalawang taon.

Sa pagitan ng muling pagsesemento at pagpapakinis, inaayos namin ang 283 milya ng mga kalye ng lungsod ngayong taon ng pananalapi - higit sa 40 porsiyento kaysa sa nakaraang taon ng pananalapi.

At sa susunod na taon, mas marami pa tayong gagawin.

Habang gumagamit tayo ng mga dolyar mula sa mga naibayad na buwis tungo sa higit pang pagkukumpuni ng kalsada, kailangan din nating panagutin ang iba sa pag-aayos sa ating mga kalye kapag hinukay nila ang mga ito.

Nakita na nating lahat! Dumadaan ang Lungsod at inaayos ang kalye. Maganda ito. Gustung-gusto mong makita ito. Gustung-gusto kong makita ito!

Hindi nagtagal, hinuhukay ito ng isang kompanya ng yutilidad o konstruksiyon para maabot ang mga tubo at alambre sa ilalim ng lupa.

Sa loob ng maraming taon, naging maluwag ang mga regulasyon at pagpapatupad ng Lungsod sa paligid nila, at ipinapakita ito ng malungkot na kalagayan ng ating mga lansangan.

Nakakabaliw! At babaguhin natin ito!

Nitong nakaraang Nobyembre, inihayag ko na ia-update namin ang [Street Preservation Ordinance \(Ordinansa ng Pagpapanatili ng Kalsada\)](#) ng Lungsod.

Ito ang ordinansang nagtatakda ng pamantayang pinanghahawakan natin kapwa pampubliko at pribadong mga yutilidad kapag hinuhukay nila ang ating mga kalsada – nagdidikta kung paano nila dapat ayusin ang mga kanal at kung gaano kabilis nila ito dapat gawin.

Alkalde Todd Gloria
Talumpati tungkol sa Estado ng Lungsod
Enero 11, 2023

Ang aking mga iminungkahing pagbabago ay mangangailangan sa lahat ng naghuhukay sa ating mga kalye na iwanan ang mga ito sa mabuti o mas mahusay na kondisyon kumpara noong unang nakita nila.

Nakikipagtulungan kami sa industriya upang higgpitan ang mga tagal ng oras sa mga pansamantalang tagpi, gawing mas mabilis ang buong pag-aayos, at nangangailangan ng mas mahigpit na koordinasyon upang maiwasan ang maraming pag-aayos.

Ito ay isang simpleng konsepto: Sinira mo, ayusin mo!

Ang pagbabago na ito sa ordinansa ay inaasahang magbubunga ng karagdagang 25 milya ng mga bagong sementadong kalye sa darating na taon ng pananalapi.

Gusto kong pasalamatan ang mga Miyembro ng Konseho na sina Marni von Wilpert, Monica Montgomery Steppe, Joe LaCava, at Dr. Jen Campbell para sa kanilang suporta sa mga pagbabago na ito sa Komite, at inaasahan ko ang buong pagsasaalang-alang ng Konseho ng Lungsod sa unang bahagi ng taong ito.

Ngayon, maaaring nagtataka ka: "Ano ba ang nagpatagal sa Lungsod para gawin ito?" At sumasang-ayon ako!

Tulad ng masasabi sa iyo ng sinumang nakakakilala sa akin, likas akong naiinip – naiinip sa pag-unlad at naiinip na maghatid ng mga resulta para sa mga tao ng Lungsod na ito.

Halimbawa, gusto ko ang isang magandang groundbreaking para sa mga bagong proyekto na darating. Pero ang mas gusto ko pa ay ang ribbon cutting!

Sa ribbon cutting para sa Fairbrook Neighborhood Park na nakilala ko ang Pamilyang Winter – sina Steven, Jennifer, at kanilang anak na sina Carson at Jackson.

Lumipat ang Winters sa kanilang tahanan sa Scripps Ranch noong 2013. Nang lumipat sila, may malaking bakanteng lote sa likod ng kanilang tahanan na nakatakdang maging pampublikong parke.

Sinabi sa kanila na mangyayari ito sa loob ng tatlong taon at masaya sina Steven at Jennifer na ang kanilang mga anak ay bata pa upang tamasahin ito.

Ngunit, ang lupain ay nanatiling isang bakanteng lote sa loob ng halos isang dekada.

Ngunit sa taong ito, sa wakas ay natapos na namin ito - at sa mga araw na ito, regular na ginagamit nina Carson at Jackson ang parke para maglaro ng pickleball at basketball at tumambay kasama ang kanilang mga kaibigan.

Ang pamilyang Winter ay kasama natin ngayong gabi, kasama ang kanilang panganay na anak na lalaki, si Austin, na nasa kolehiyo na bago natapos ang parke.

Nagsusumikap kami upang matiyak na ang mga pamilya tulad ng Winters ay hindi maghihintay nang napakatagal para sa mga pagpapabuti ng kapitbahayan. Sa katunayan, ang Fairbrook Neighborhood Park ay isa sa siyam na bagong parke na binuksan namin noong 2022. At nakumpleto namin ang mga pagsasaayos sa 15 pa.

Alkalde Todd Gloria
Talumpati tungkol sa Estado ng Lungsod
Enero 11, 2023

Ito ay mas maraming pagpapabuti sa parke kaysa sa nakumpleto ng Lungsod sa alinman sa nakaraang anim na taon.

At sa taong ito, kami ay nakatakdang magbukas ng 13 bagong parke at mag-upgrade ng 18 pa bilang bahagi ng aming [“Parks For All of Us” Master Plan](#), na pinagtibay ng Konseho ng Lungsod noong nakaraang taon.

At ito ay hindi lamang mga parke. Isinasagawa ang pagtatayo sa bagong Torrey Pines Fire Station, at nagsimula na kaming magtrabaho sa parehong Skyline Hills at Fairmount fire station.

Nagbungkal na din kami ng lupa para sa bagong sangay na aklatan sa Pacific Highlands Ranch at nakakuha ng pondo para sa bagong sangay ng Oak Park. At darating ang mga malalaking pagpapabuti para sa mga aklatan ng Ocean Beach, City Heights, San Carlos at Linda Vista.

Ikinagagalak kong makita ang pag-unlad na ito sa ating lungsod, at binigyan ko ng kapangyarihan ang aming mga kawani ng Lungsod na makahanap ng higit pang mga paraan upang magawa ang mga bagay nang mas mabilis.

Nauunawaan ko na palaging magkakaroon ng anumang uri ng mga hadlang, ngunit ang aming trabaho ay humanap ng paraan sa paligid nila – o sa ibabaw o sa ilalim o sa pamamagitan ng mga ito – kaya nakapaghahatid kami para sa mga San Diegan.

Ang hindi namin gagawin ay itulak ang malalaking gastos at mahirap na mga pagpipilian at ipagpaliban ito ng ilang taon upang masiyahan kami ngayon.

Nakikita namin kung ano ang nagawa ng pagpapaliban sa pagpapanatili at pamumuhunan sa ating mga propyedad tulad ng mga kalye, bangketa, at mga parke.

Ang mas mahirap makita – ngunit higit na totoo – ay ang matinding epekto nito sa ating pinakamahalagang propyedad: ang ating dedikadong mga empleyado ng lungsod.

Ang talamak na kakulangan pamumuhunan sa manggagawa sa ating Lungsod ay isa sa mga pangunahing dahilan na ngayon ay nakakaranas tayo ng mga pagkaantala sa mga serbisyo – pag-aayos ng mga ilaw sa poste, pag-isyu ng mga pahintutlot, pagkolekta ng basura ayon sa iskedyul.

Ang mababang-tala na kawalan ng trabaho ay bahagi rin ng hamon, ngunit maging tapat tayo: Marami sa mga kahirapan ng Lungsod sa pagkuha ng magtatatrabaho ay dahil na rin sa gawa nito.

Ang hindi sapat na pagpopondo sa plano sa pensyon ay maikli ang pananaw – ngunit ganoon din kailkli ang tugon.

Ang kakulangan ng seguridad sa pagreretiro, na sinamahan ng medyo mababang suweldo, ay naging dahilan upang hindi tayo makapagkumpitensya sa merkado ng trabaho.

Narito ang lagay: Ang pamumuhunan sa ating mga manggagawa ay pamumuhunan sa mga kapitbahayan at mga tao ng lungsod na ito. Tinitiyak nito na ang iyong pamahalaang lungsod ay naa-akses, tumutugon, at nagse-serbisyo sa ating mga komunidad.

Nitong nakaraang taon, naabot natin ang mga kasunduan sa bawat isa sa ating mga organisasyon ng empleyado.

Alkalde Todd Gloria
Talumpati tungkol sa Estado ng Lungsod
Enero 11, 2023

At, nagsumikap kami upang ibalik ang mga patakarang na naging dahilan upang hindi kami makapagkumpitensya sa pamamagitan ng [pagpapanumbalik ng mga pensiyon](#), pag-aayos ng suweldo at mga benepisyo nang higit na naaayon sa iba pang mga ahensya ng munisipyo, at pagbibigay ng mga espesyal na kasanayan at pagsasanay.

Pakinggan ninyo ako nang malinaw: Ang San Diego ay, at patuloy na magiging, isang lungsod na makamangagawa.

Ang buong kawani ay mahalaga sa lahat ng ating mga serbisyo sa lungsod, at ito ay ganap na kritikal sa kaligtasan ng publiko.

Kapag ang sinuman sa ating lungsod ay nagdayal ng 9-1-1, dapat silang makakuha ng mabilis, epektibong tugon mula sa isang mahusay na sinanay, husto ang kagamitan na unang tagatugon.

At, tunay na pinagpala ang ating lungsod na magkaroon ng ganitong dedikado at nakatuong mga unang tagatugon na naglilingkod sa mga tao ng San Diego, na ang ilan sa kanila ay narito ngayong gabi.

Nitong nakaraang taon, tumugon ang ating mga bumbero at mga paramediko sa mahigit 180,000 na emerhensiya, at nagsagawa ang mga tagapagligtas ng buhay ng mahigit na 8,000 pagligtas sa tubig habang binabantayan nila ang kaligtasan ng 21 milyong tao sa ating mga dalampasigan at look.

Sa mga bagong kontratang naaprubahan ngayong taon, binigyan namin ang ating mga unang tagatugon ng 10-porsiyento na pagtaas – na nagpapakitang pinahalagahan natin ang kanilang nagliligtas-buhay na trabaho at nakatuon kaming gawing mapagkumpitensya ang kanilang kabayaran sa ibang mga ahensya ng rehiyon.

Bilang bahagi ng ating pagsisikap na maabot ang buong kawani sa Departamento ng Pulisya at tugunan ang talamak na kakulangan ng mga opisyal - isang isyu na higit sa isang dekada na ang pagharap sa Lungsod -- tinitingnan din namin ang higit pa sa kabayaran.

Nitong nakaraang taon, salamat sa pamumuno ng pro tem ng Senado Toni Atkins at ng Kapisanan ng mga Opisyal ng Pulisya (Police Officers Association), sinimulan ng Lungsod ang pagtatayo ng [pangangalaga ng bata](#) para sa mga anak ng ating mga pulis – ang unang uri nito sa bansa.

Magbibigay ito ng may subsidiya na pangangalaga sa bata na naaayon sa mga hindi tradisyonal na iskedyul na kadalasang kailangang magtrabaho ng mga opisyal ng pulisya upang mapanatiling ligtas ang ating mga komunidad.

Pinalakas din natin ang ating mga pagsisikap sa pangangalap. At magkaroon ng mas maraming kababaihan at taong may kulay na pumapasok sa ating mga akademya kaysa dati.

Sila ay mga tao tulad ni Erica Perez, na sumali sa Kagawaran ng Pulisya ng San Diego mahigit dalawang taon na ang nakalipas.

Lumaki siya sa Phoenix sa isang lugar na mababa ang kita, at ang mga miyembro ng kanyang pamilya ay sa iba't ibang pagkakataon ay natagpuan ang kanilang mga sarili sa kabilang panig ng pagpapatupad ng batas. Marami sa mga taong kilala niya sa paglaki, sabi niya, ay patay na o nasa bilangguan.

Alkalde Todd Gloria
Talumpati tungkol sa Estado ng Lungsod
Enero 11, 2023

Si Erica mismo ay isang problemadong tinedyer na patungo sa parehong daan. Iyon ay, hanggang sa natagpuan niya ang isang Explorer na programa, na nagbibigay ng pagtuturo, istraktura, disiplina at isang potensyal na landas sa karera sa pagpapatupad ng batas.

Siya ay tinanggap ng Departamento ng Sheriff ng Maricopa County, at nagsilbi bilang tagapangasiwa ng Honor Guard ng departamento, na naglalakbay sa buong bansa kasama ang isang grupo ng mga kinatawan upang parangalan ang mga nasawing opisyal.

Noong 2016, ang sarili nating Opisyal ng Pulisya ng San Diego na si J.D. De Guzman ay kalunos-lunos na binaril habang nasa linya ng tungkulin.

Naglakbay si Officer Perez sa San Diego kasama ang Honor Guard upang sumama sa amin habang kami ay nagluluksa kay Opisyal De Guzman at pinarangalan ang kanyang sakripisyo.

Kahit na sa gitna ng pinakamadilim na okasyon para sa ating lungsod, nakita at naramdaman niya ang pambihirang pakikipagkaibigan ng SDPD - at ito ay isang bagay na gusto niyang maging bahagi.

Si Opisyal Perez at ang kanyang asawa at ang kanilang dalawang anak ay lumipat sa San Diego at siya ngayon ay nagpapatrol sa ating Kanluraning Dibisyon.

Ang kanyang layunin sa bawat araw ay "gawing makatao and tsapa (humanize the badge)", gaya ng sinabi niya, at tratuhin ang lahat, anuman ang kanilang mga kalagayan, nang may dignidad at paggalang.

Kasama natin ngayong gabi si Opisyal Perez at ang kanyang pamilya.

Kinakatawan niya ang ating mga pagsisikap na kumuha at mapanatili ang mga dedikadong pampublikong tagapaglingkod na tutulong sa departamento na makuha ang tiwala ng mga komunidad na pinaglilingkuran nito at panatilihin tayong ligtas.

Sa Estado ng Lungsod nitong nakaraang taon, nangako akong ganap kong pondohan ang lahat ng ating mga departamento ng pampublikong kaligtasan. Iyon mismo ang ginawa natin, at gagawin natin itong muli sa taong ito.

At ngayong gabi, ikinalulugod kong iulat na, hindi tulad ng karamihan iba pang malalaking lungsod, nakita ng San Diego na bumaba ang mga antas ng krimen natin noong nakaraang taon.

Sa pangkalahatan, bumaba ang krimen ng 7-at-kalahating porsyento. Ang krimen sa ari-arian ay bumaba ng 9.7%. Ang pinakamalubhang marahas na krimen ay bumaba ng 13%.

Nasabi ko na dati, at sasabihin ko ulit: Ang kawalan ng batas ay hindi maghahari sa ating lungsod. At, totoo iyon lalo na ngayon habang nilalabanan natin ang pagtaas ng ipinagbabawal na fentanyl.

Ang drogang ito ay sumisira ng mga buhay sa ating komunidad, na hindi nagtitipid ng bahagi ng ating populasyon – mula sa mga walang tirahan hanggang sa ating mga anak.

Bilang Alcalde, hindi ako maninindigan para sa pagbebenta at pamamahagi ng lason na ito ng mga mapanlinlang at mandaragit na mga mangangalakal.

Alkalde Todd Gloria
Talumpati tungkol sa Estado ng Lungsod
Enero 11, 2023

Kaya naman noong Nobyembre, nilagdaan ko ang isang [ehekutibang kautusan](#) para palakasin at unahin ang pagpapatupad sa bawal na fentanyl – at dinala ko ang mensaheng iyon sa Sacramento at sa kabisera ng ating bansa.

Ang krisis na ito ay dapat harapin nang may kaseryosohan na nararapat dito. Kailangan natin ng mas matibay na batas sa antas ng estado at pederal na nagbibigay ng kapangyarihan sa mga pagsisikap ng pagpapatupad ng batas sa lokal na antas.

Ang ipinagbabawal na fentanyl ay dapat na permanenteng klasipikahin bilang isang Iskedyul 1 na gamot – at patuloy akong magpupursigi sa Washington na gawin iyon.

Isaalang-alang natin na sa ngayon, inuri ng pederal na pamahalaan ang marijuana bilang mas mapanganib kaysa sa fentanyl at methamphetamine.

Hindi ganap na isinasaalang-alang ng mga kasalukuyang batas ang reyalidad kung gaano ito kalakas at nakamamatay, o ang napakalaking epekto nito sa ating mga pinakamahihirap na residente.

Isa ito sa isang bilang ng mga salik na nagpakumplikado sa ating mga pagsusumikap na alisin ang mga tao sa mga kalye at tulungan patungo sa isang landas upang wakasan ang kanilang kawalan ng tirahan.

Malaking bahagi ito ng pakikibaka ng dalawang mga San Diegan, sina Natasha at Gabriel Martin, na narito sa atin ngayong gabi at bukas-palad na pinahintulutan akong ibahagi ang kanilang kuwento.

Nagkaroon ng karera si Natasha sa pagbebenta at pagmemerkado, ngunit nagsimulang magulo ang kanyang buhay dahil sa droga at alak at, gaya ng sinabi niya, ilang napakasamang pagpipilian.

Ito ay humantong sa isang pababang pag-ikot na kinasasangkutan ng lalong hindi matatag na mga sitwasyon sa pabahay, ilang oras ng pagkakakulong at, sa huli, buhay sa mga lansangan.

Sa daan, nakilala niya si Gabriel, na nakipaglaban din sa mga demonyo ng pagkagumon. Silang dalawa ay kung minsan pinagsasama-sama ang mga pondo upang manatili sa isang motel, ngunit karamihan sa mga araw, pinili nilang gamitin ang anumang pera na mayroon sila sa droga - at nangangahulugan iyon na manatili sa kalye.

Nitong nakaraang taon, habang nakakulong si Gabriel, naging malinis at matino si Gabriel, na nagbigay inspirasyon kay Natasha na gawin din ito.

Sa pamamagitan ng pag-abot sa kalye ng Lungsod, nahanap ni Natasha ang kanyang daan patungo sa pansamantalang paninirahan sa PATH Connections, isang sheleter na pinondohan ng Lungsod, na naghatid naman sa kanya at kay Gabriel sa matino na pamumuhay.

Nagpakasal ang dalawa noong Setyembre. At ngayon, patuloy silang naninirahan sa isang pasilidad sa City Heights.

Araw-araw, sina Natasha at Gabriel ay nakasandal sa isa't isa para sa suporta. Sa bawat araw ay dumarating ang desisyon na huwag gumamit ng droga. Araw-araw, nakakahanap sila ng dahilan para manatiling malinis at matino.

Natasha at Gabriel: Ang inyong ginagawa ay napakahirap at nangangailangan ng matinding tapang at lakas. Ngunit dito ngayong gabi, nais kong malaman ninyo na nagsasalita ako para sa ating buong lungsod kapag sinabi kong: Itinataguyod namin kayo.

Alkalde Todd Gloria
Talumpati tungkol sa Estado ng Lungsod
Enero 11, 2023

Ang kuwento nina Natasha at Gabriel ay naglalarawan sa aming hamon at aming diskarte sa paglutas ng krisis sa kawalan ng tahanan. Ang bawat taong walang masisilungan ay may natatanging hanay ng mga pangyayari na naging sanhi ng kanilang kawalan ng tirahan.

Pagkawala ng trabaho, ebiksyon, kakulangan ng kita para tustusan ang tirahan.

At siyempre, mayroong pagkagumon, trauma, at sakit sa pag-iisip.

Habang dumarating ang sakit sa pag-iisip sa bawat komunidad, isipin na lang kung gaano kahirap para sa mga taong nahihirapan araw-araw na matugunan ang kanilang mga pangunahing pangangailangan.

Nitong nakaraang taon, sa panahon ng talumpating ito, nanawagan ako para sa aksyon ng estado sa kalusugan ng isip at reporma sa konserbator upang matulungan ang mga taong talagang walang kakayahang pangalagaan ang kanilang sarili.

Ipinagmamalaki kong makipagtrabaho kasama si Gobernador Gavin Newsom at ang Lehislatura upang [ipasa ang CARE Court](#), na mag-uugnay sa mga taong nahihirapan sa hindi nagamot na sakit sa isip at pag-abuso sa droga na may planong pinangangasiwaan ng hukuman upang bigyan sila ng tulong at suporta na kailangan nila.

At, salamat sa pamumuno ng Superbisor ng County na si Nathan Fletcher, ang San Diego ay isa sa mga una sa estado na magpapatupad ng CARE Court.

Ito ay isang makabuluhang hakbang sa tamang direksyon, ngunit hindi tayo maaaring tumigil dito.

Nitong nakaraang taon, nakipagsosyo ako sa Senador ng Estado na si Susan Eggman sa batas na magreporma sa mga lumang batas sa konserbator ng California.

Napalapit na kami, ngunit hindi naging sapat. Gayunpaman, hindi ako nagpapigil dahil dito.

Muli akong makikipagtulungan kay Senador Eggman upang muling ipakilala ang batas sa reporma sa konserbator sa California.

At, sa taong ito, Gagawin ko ito bilang [Tagapangulo ng Kowalisyon ng bipartisan na mga Alkalde ng Malalaking Lungsod sa California \(Chair of the bipartisan California Big City Mayors\)](#), na kumakatawan sa 13 pinakamalaking lungsod ng estado at sa kabuuan ay 11 milyong tao.

Ang California ay kailangang gumawa ng higit pa sa kalusugang pangkaisipan, at kami ay magsusulong na magawa ito.

Habang ginagawa natin ang gawaing iyon, kailangan pa rin nating tugunan ang dito at ngayon.

Kasama diyan ang matinding mga isyu sa kalusugan at kaligtasan na dulot ng mga kampo ng walang tirahan sa ating mga bangketa.

Alam kong karamihan sa mga taga-San Diego ay nagbabahagi ng alalahaning ito.

Hindi mabuti para sa mga bata na maglakad sa gitna ng kalye upang lampasan ang mga kampong ito para makarating sa paaralan.

Hindi natin maasahan na ang mga tao na ang mga tahanan at negosyo ay napapaligiran ng mga kampong ito ay titiisin lamang ang kanilang mga epekto.

Alkalde Todd Gloria
Talumpati tungkol sa Estado ng Lungsod
Enero 11, 2023

Iyon ang dahilan kung bakit ako ay nagpasimula ng isang utos na tanggalin ang mga tolda sa araw upang mapanatili ang ating mga bangketa na madaanan at maiwasan ang pag-iimbak.

Ginawa natin ang ating makakaya upang mapanatiling malinis ang ating [mga kalye](#), kasama ang ating mga tauhan ng Serbisyong Pangkalikasan na dumaan at naglilinis ng mga labi at nangongolekta ng mga hindi gustong bagay.

Lubos akong nagpapasalamat sa mga manggagawang ito ng Lungsod, na kumuha ng mahigit 2,800 toneladang basura sa ating mga lansangan, upang gawin silang mas malinis at ligtas.

Ngunit malinaw na kailangan nating gumawa ng higit pa. At, gagawin natin ito.

Noong 2021, inilunsad natin ang ating Programa sa Koordinadong Pag-abot sa Kalsada (Coordinated Street Outreach Program), isang masinsinang pagsisikap kung saan ang mga sinanay na pag-abot na manggagawa ay pumunta sa mga kampo sa aming Lungsod upang ikonekta sila sa tirahan at mga serbisyo sa mismong lugar.

Bawat pakikipag-ugnayan, gaano man kaliit, ay nagdudulot sa mga tao ng isang hakbang na papalapit sa pagtanggap ng isang alok ng tirahan. At ginagawa natin ang lahat upang matiyak na kapag ang mga tao ay handa nang tumanggap ng tirahan, mayroong isang kama na magagamit para sa kanila.

Nagdagdag tayo ng 658 na kama sa aming sistema ng tirahan na pinondohan ng lungsod - isang 61-porsiyento na pagtaas sa nakalipas na dalawang taon.

Pinag-iba natin ang ating mga alok na tirahan upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan sa mga partikular na populasyon ng mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan.

Isang [150-kama](#) tirahan para sa mga nasa hustong gulang.

Isang 40-kama [silungan para sa mga kababaihan](#).

Dalawang [tulay na silungan](#) para sa [mga nakatatanda](#).

Dalawang [silungan](#) para sa mga nahihirapan sa [pag-abuso sa droga](#).

Kamakailan ay nakakuha kami ng isa pang motel na malapit nang magsilbi sa mga pamilyang nakakaranas ng kawalan ng tirahan.

Para sa mga may sasakyan ngunit walang bahay, pinalawak namin ang aming [Programang Ligtas na Paradahan](#). Sa lalong madaling panahon, magdaragdag kami ng pang-apat na lokasyon sa sistema na ito.

At, gaya ng ipinangako, gagawin nating emerhensiyang silungan ang Old Central Library sa Downtown.

Ginugol natin noong nakaraang taon ang pagpapalabas ng gusaling ito mula sa isang siglong gulang na paghihigpit sa gawa. At, nagawa natin ito.

Pangmatagalan, plano naming suriin ang lugar na ito para magamit para sa mas abot-kayang pabahay, kaya manatiling nakatutok.

Mahalagang tandaan na ang lahat ng ating Silungan sa Lungsod ay mababa ang hadlang upang hikayatin ang mga tao na punan ang mga ito. Maaari nilang dalhin ang kanilang mga alagang hayop at ang kanilang

Alkalde Todd Gloria
Talumpati tungkol sa Estado ng Lungsod
Enero 11, 2023

mga ari-arian at pumunta at umalis kung kailangan nilang pumunta sa trabaho o mga medikal na appointment.

Iyon ang dahilan kung bakit palagi silang lampas sa 92% okupado.

Ito ay mula sa ating sistema ng silungan at Ligtas na Paradahan lots tna ikinokonekta namin ang mga tao sa pabahay.

Ipinagmamalaki kong iulat na noong 2022, mahigit 2,200 katao ang nagwakas sa kanilang kawalan ng tirahan sa pamamagitan ng pag-abot at sistema ng silungan ng Lungsod.

Ang ilan ay pumunta sa mga pansamantalang destinasyon tulad ng transisyonal na pabahay o mga pasilidad ng paggamot, ngunit ang karamihan - halos 1,900 katao - ay lumipat sa permanenteng pabahay.

Sa totoo, mayroon tayong sistemang nagwawakas sa kawalan ng tirahan ng mga tao. Ang mga numero ay nagpapatunay nito. Sina Natasha at Gabriel Martin ay buhay na patunay.

Ang problemang kinakaharap natin ay, sa bawat 10 tao na inaalís natin sa kalye at pumasok sa pabahay, 13 tao ang nawalan ng tirahan – marami sa unang pagkakataon.

Ang katotohanan ay may mga San Diegan na hindi kayang makipagsabayan sa tumataas na halaga ng pamumuhay.

Malinaw na dapat nating ituong higit na pansin sa mga sanhi ng kawalan ng tirahan upang bigyan ang mga tao ng mas mahusay na pagkakataon sa pananatiling tahanan sa mahihirap na panahon.

Iyon ang dahilan kung bakit sa taong ito – nagtatrabaho sa pakikipagtulungan sa Pangulo ng Konseho na si Sean Elo-Rivera, mga tagapagtaguyod ng nangungupahan, at industriya ng paupahang pabahay -- bubuuin natin ang ating kamakailang inihayag na balangkas ng proteksyon ng nangungupahan sa isang [Ordinansa ng lungsod na higit na nagagawa upang maprotektahan ang mga nangungupahan](#) kaysa sa nagawa ng Lungsod noon.

Nakipagtulungan din ako sa Komisyon sa Pabahay upang matiyak na ang mga pinakamapanganib na mawalan ng tirahan ay makakatanggap ng tulong at ako ay nalulugod na ipahayag na ang Komisyon ay magdodoble ng pagpopondo ng aming mga programa sa pagpigil sa kawalan ng tirahan mula \$2 milyon hanggang \$4 milyon.

Makakatulong ito sa karagdagang 250 sambahayan, na inuuna ang mga nakatatanda, mga taong may kapansanan, at mga pamilyang may maliliit na bata.

Ngunit, sabihin natin ang katotohanan: Tinatapos ng pabahay ang kawalan ng tirahan. Ang mas maraming suplay ng pabahay ay nagpapababa sa halaga ng upa.

Ito mismo ang dahilan kung bakit nakatuon ang aking administrasyon sa pagpapadali ng pagtatayo ng mas maraming pabahay sa ating Lungsod.

Alam nating lahat kung saan nagdulot sa atin ang kabiguan nating magtayo ng mas maraming tahanan: mataas na upa, sumasabog na kawalan ng tirahan, mga pamilyang lumilipat sa labas ng estado, mga matatalinong tao na iniwan tayo para sa mas murang mga lungsod.

Alkalde Todd Gloria
Talumpati tungkol sa Estado ng Lungsod
Enero 11, 2023

Nagiging sanhi ito ng marami sa ating mga residente na hindi makakita ng hinaharap para sa kanilang sarili dito.

Si Aidan Lin ay isang pangunahing halimbawa. Si Aidan ay isang 20 taong gulang na estudyante sa UC San Diego. Kasalukuyan siyang may 3.9 GPA, at habang nasa high school, nagtatag siya ng isang non-profit na kilala bilang "Our Time to Act United," na gumagana upang bigyang kapangyarihan ang mga kabataan.

Malalim na siyang nakikibahagi sa buhay sibiko ng ating lungsod - nagtataguyod para sa komunidad ng Asian Pacific Islander, humuhubog sa mga Distrito ng Konseho ng Lungsod, at masigasig na nagsusulong para sa higit pang mga pagpipilian sa pabahay at transit.

Pagkatapos ng graduation, nais ni Aidan na manatili sa San Diego, lumikha ng isang buhay para sa kanyang sarili at bumuo ng isang karera dito. Ngunit sa aming mataas na halaga ng pabahay, hindi sigurado si Aidan kung magkakaroon siya ng pagkakataong iyon.

Nandito si Aidan kasama natin ngayong gabi. At sa kanya, at sa mga taong katulad niya, mula sa mga kabataan hanggang sa ating mga nakatatanda, gusto kong malaman ninyo: Mayroon, at magkakaroon ng, isang lugar para sa inyo dito.

Lubos kong ipinagmamalaki na ang San Diego ay itinalaga bilang [maka-pabahay na lungsod](#) ng Estado ng California – oisa sa pitong lungsod lamang ang nakakuha ng pagtatalagang ito, at sa ngayon ang pinakamalaki. Inilalagay tayo nito sa isang kalamangan kapag nag-aaplay para sa pagpopondo ng gawad ng estado.

Nakuha natin ang pagtatalagang ito dahil nagpakita tayo ng malinaw na pagpapasya na magtayo ng higit pang pabahay.

Noong 2022, ipinasa ng Konseho ng Lungsod ang unang Pakete ng Aksyon sa Pabahay (Housing Action Package) bilang bahagi ng ating [“Mga Tahanan Para Sa Ating Lahat”](#) na inisyatiba, at wala tayong sinayang oras sa pagbuo ng isang [pangalawang Pakete ng Aksyon sa Pabahay](#) – na ipapakita natin sa Konseho ng Lungsod sa tagsibol.

Magkasama, ang mga paketeng ito ay binubuo ng 20 iba't ibang mga reporma na magpapadali sa pagtatayo ng mas abot-kayang pabahay sa buong San Diego. Kabilang dito ang mga hakbang sa:

Ipatupad ang Batas ng Senado 10, isang batas ng estado na nagbibigay-daan sa mga lungsod na isaayos ang mga proyekto malapit sa pampublikong sasakyan na mayroong hanggang 10 bahay bawat parsela.

Tiyaking hindi nalilikas ang mga pangmatagalang residente habang lumalaki at umuunlad ang kanilang mga kapitbahayan.

Lumikha ng mga insentibo upang magtayo ng mas malalaking apartment na angkop para sa mga pamilya.

At para magtayo ng mas maraming pabahay ng mag-aaral - para sa mga taong tulad ni Aidan Lin.

Direkta rin kaming namumuhunan sa mga proyektong abot-kayang pabahay sa pamamagitan ng aming [“Tulay sa Bahay \(Bridge to Home\)”](#) na inisyatiba, na nagbibigay ng gap na pagpopondo sa mga tagabuo ng bahay upang makakuha ng mga pala sa lupa nang mas mabilis.

Alkalde Todd Gloria
Talumpati tungkol sa Estado ng Lungsod
Enero 11, 2023

Sa pamamagitan ng dalawang round ng pagpopondo, tumulong ang Lungsod na makakuha ng 10 abot-kayang proyekto sa pabahay hanggang matapos. Magresulta ito sa 908 bagong abot-kayang tahanan sa mga komunidad mula San Ysidro hanggang Rancho Bernardo.

Mag-aanunsiyo kami ng ikatlong round ng mga proyekto sa huling bahagi ng taong ito.

Bilang karagdagan sa Tulay sa Bahay, tinutulungan tayo ng ibang mga programa ng lungsod na makakuha ng mga crane sa himpapawid sa buong San Diego.

Halimbawa, noong 2015, lumikha lang kami ng 10 bagong tahanan sa pamamagitan ng ating programang Bonus na Affordable Housing Density. Noong 2022, ang programang ito ay lumikha ng higit sa 1,800 bagong tahanan - humigit-kumulang 450 sa mga ito ang nakalaan para sa mga residenteng mas mababa ang kita.

Sa pangkalahatan, noong 2022, pinahintulutan natin ang 5,000 bagong tahanan, at mayroon pa tayong 7,000 na kasalukuyang nasa linya.

Nakagawa din tayo ng malaking gawain upang i-update ang mga plano ng komunidad sa buong lungsod upang gawing mas mura at mas mabilis ang pagtatayo ng mga tahanan.

Mula nang ako ay naging Alcalde dalawang taon na ang nakararaan, napanibago natin ang mga blueprint ng kapitbahayan na ito upang magdagdag ng higit sa 45,000 pagkakataon na magtayo ng mga bagong tahanan sa Mira Mesa, Barrio Logan, at Kearny Mesa.

Sa 2023, kukumpletuhin natin ang tatlo pang pagbabago sa plano na higit sa doble ng kapasidad para sa mga bagong tahanan sa University City, Hillcrest at sa College Area.

Sa Tpahayag na iyan, marami pa tayong kailangang gawin upang matugunan ang mga mandato ng Estado sa pabahay, at ang ating moral na obligasyon sa mga tao at pamilya ng San Diego ngayon.

At kaya, ngayong gabi – nagsasagawa ako ng isang ehekutibang aksyon para gawin iyon.

Bago umakyat sa entablado, nilagdaan ko ang isang ehekutibang kautusan na nag-uutos sa lahat ng nauugnay na departamento ng Lungsod na kumpletuhin ang kanilang pagsusuri at aprubahan ang 100% abot-kayang mga proyekto sa pabahay sa loob ng 30 araw.

Kung ano ang karaniwang tumatagal ng hanggang anim na buwan, ipinag-uutos ko na gawin ito sa loob in isang buwan.

Ang aking ehekutibang kautusan ay nag-uutos din sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Pagpapaunlad ng Lungsod na mabilis na kumuha ng mga bagong posisyon upang suriin at mag-isyu ng mga pahintulot sa pabahay, at upang agad na ipatupad ang mga kontrata upang matugunan ang pagkaantala sa pagpapahintulot.

At, mayroong higit pang mga pagkakataon sa daan habang inilalagay natin ang lupain ng Lungsod upang mapaunlakan ang mga bagong pabahay.

Sa pagpasa ng Panukala C noong Nobyembre, naging matagumpay tayo sa muling pagpapatibay sa kalooban ng mga botante na itaas ang sustento sa Midway District, na magpapadali sa muling pagpapaunlad ng 48-acre na pag-aari ng Sports Arena.

Alkalde Todd Gloria
Talumpati tungkol sa Estado ng Lungsod
Enero 11, 2023

Itong [muling pagpapaunlad](#) ay hindi lamang magdadala ng bago, kilala-sa-mundo na arena, ngunit ang ngayon ay isang pangit na kalawakan ng aspalto ay gagawing isang makulay na kapitbahayan na may humigit-kumulang 4,000 bagong bahay – kalahati sa mga ito ay abot-kaya sa mga residenteng mababa ang kita.

At siya nga pala, ang lahat ng ito ay itatayo sa ilalim ng isang kasunduan sa paggawa ng proyekto, na tinitiyak ang magandang suweldo, mga lokal na trabaho para sa San Diegans.

At ngayon, magkakaroon tayo ng isang proyektong pang-buong lungsod na kasunduan sa paggawa salamat kina Councilmembers Raul Campillo at Stephen Whitburn sa pagtulong sa pag-akay sa Panukala D sa tagumpay noong Nobyembre!

Iyan ang magdadala sa atin sa kinaroroonan natin ngayong gabi – ang Civic Theatre. Ilang hakbang lang ang layo mula sa San Diego City Hall.

Ang anim na bloke na ito sa gitna ng Downtown ay nagpapakita ng pagkakataong magtayo ng posibleng isa sa pinakamalaking bagong pagpapaunlad ng pabahay sa San Diego.

Noong Setyembre, [nagtipon ako ng komite ng mga eksperto at pinuno ng komunidad](#) upang mag-balangkas ng kurso para sa pakyawan na muling pagpapasisigla ng bahaging ito na kalagitnaan ng ating lungsod.

Sa pakikipagtulungan kay Konsehal Stephen Whitburn, tayo ay nasa mga unang yugto ng proseso, ngunit malinaw ang ating pananaw:

Isang bagong City Hall na karapat-dapat purihin, hindi karapat-dapat ikahiya.

Ang isang sentro ng sibiko ng mga San Diegan ay madaling ma-akses kapag sila ay nagpahayag ng kanilang isipan sa isang pulong ng Konseho ng Lungsod o humingi ng pahintulot para sa muling pag-aayos ng bahay.

Isang sentro ng administrasyon ng lungsod na nagbibigay ng angkop na kondisyon sa pagtatrabaho para sa mga empleyado ng lungsod.

At libu-libong mga bagong abot-kayang bahay para sa uring manggagawa ng mga San Diegan, na matatagpuan mismo sa linya ng troli.

Ang minsan-sa-buhay na pagbabagong ito ay bubuhayin ang kalagitnaan ng sibiko ng Downtown; lumikha ng isang malugod na lugar ng kagandahan at kultura na magsisilbi sa mga henerasyon sa hinaharap at ito ay simbolo ng enerhiya ng malaking lungsod na dapat nating isama.

Hindi lamang sa proyektong ito, ngunit sa lahat ng ginagawa natin.

Ngayong gabi, narinig mo ang mga kuwento ng ilang San Diegan na sumasalamin sa San Diego na pinagtatrabahuan namin - estudyante ng UC San Diego na si Aidan Lin; Natasha at Gabriel Martin; Opisyal Erica Perez; Tommy at Daneyel Walker; at ang pamilyang Winter.

Ang kanilang mga kuwento ay nagsasabi sa kung sino tayo at kung ano ang ating sinisikap na makamit.

Alkalde Todd Gloria
Talumpati tungkol sa Estado ng Lungsod
Enero 11, 2023

Paghahatid ng mga pagpapahusay sa imprastruktura para sa ating mga komunidad.

Pinoprotektahan at pagsisilbihan ang ating mga kapitbahayan dala ang pinakamahusay at pinakamaliwanag.

Pagwawakas ng kawalan ng tirahan ng isang tao sa isang pagkakataon.

Pagtatayo ng abot-kayang pabahay para sa mga residente ngayon at sa mga henerasyon ng bukas.

Ang kanilang mga kuwento ay kumakatawan sa ating mga pag-asa, ating pag-unlad, at ating kinabukasan.

Sila ay ang San Diego.

Sa kanilang mga kwento ay makikita natin kung gaano kalayo ang ating narating, at kasabay nito, kung gaano kalayo pa ang ating lalakbayin.

Ngayong gabi, idinetalye ko ang mga hamon na ating kinakaharap, ang pag-unlad na nagawa natin, at ang gawaing naghihintay sa hinaharap.

At, kaya walang sinuman sa gabing ito ang dapat dumating na may suhestiyon ng misyon na nagawa. Sa katunayan, malayo pa.

Gumapang na ang ating lungsod palabas sa pinakamalalim na lambak at nasusumpungan natin ngayon ang ating sarili na umaakyat sa pinakamataas na bundok.

Maaaring malayo pa ang tuktok, ngunit ang San Diego ay gumagawa ng mga hakbang araw-araw upang marating ito. At gagawin natin ito.

Dahil ang alam kong sigurado ay ang lungsod na ito -- ang ating lungsod -- ay may katatagan, determinasyon, at lakas ng loob na umakyat sa bundok na ito.

At dahil dito ngayong gabi, masasabi kong tumataas ang estado ng ating lungsod.

Pagbangon sa hamon ng pagtugon sa talamak na kawalan ng tirahan.

Tumatayo upang magtayo ng mas maraming pabahay.

Bumangon laban sa kagustuhang magsabi ng "hindi" dahil nakakatakot ang pagbabago.

Tumatayo upang matugunan ang mga inaasahan ng lahat ng ating mga kapitbahayan.

Tumatayo upang [harapin ang krisis sa klima](#).

Tumatayo upang maabot ang bawat residente ng mga pagkakataong umunlad at lumago.

Umaangat sa mga nagdududa upang maghatid ng mga tunay na solusyon sa pinakamahirap na problemang kinakaharap natin.

Pagtayo ng higit pa sa kung ano ang dapat tayo ay naging, upang maging kung ano ang alam kong maaari tayong maging: isang tunay na dakilang lungsod na gumagana para sa ating lahat.

Salamat. Pagpalain kayo ng Diyos. Pagpalain nawa ng Diyos ang Ating Lungsod.

Ang San Diego ay sumisikat, at ang aming pinakamagandang araw ay naghihintay.

Alkalde Todd Gloria
Talumpati tungkol sa Estado ng Lungsod
Enero 11, 2023

###